Grade 2

# Ang Bag ni Titser



Kwento ni : Gina Lynne P. Tallod
Guhit ni : Edgardo T. Andres
Pag-aanyo ni: Elizabeth P. Dela Cruz
Patnugot ni : Cheryl R. Ramiro, PhD
Schools Division of Santiago City, Region 02

## Liham para sa Mag-aaral

Mahal kong mag-aaral,

Natutuwa ako sa paghahangad mong madagdagan ang iyong kaalaman upang lalong maging handa sa mga susunod pang pag-aaral.

Ang kuwentong ito ay inihahandog ko sa iyo upang lalo mong maunawaan ang kahalagahan ng pagkalinga sa kapwa. Nilalayon nito na maipadama mo ang malasakit sa nangangailangan ng walang hinihintay na kapalit.

Umaasa ako na magiging gabay mo ang kuwentong ito sa iyong pakikipagkapwa-tao.


Basahin at unawain mo ang mga gintong-aral para sa iyong kabutihan.

Maligayang pagbabasa!

Gina Lynne P. Tallod
May Akda

# Ang Bag ni Titser

ni Gina Lynne P. Tallod



Sa aming paaralan, mayroon akong titser na may malaking bag. Hindi niya iyon ipinabubuhat kahit kanino.



"Kring… kriiiing," tunog ng kampana sa paaralan. Tumakbo ako kaya naman ako'y hiningal. Ayaw ko kasing mahuli sa klase ni Bb. Barbara.



Siya ang aming titser. Hindi niya kasi ibig na nahuhuli sa klase ang kanyang mga mag-aaral. Kapag nahuli daw ibig sabihin ay puyat at hindi nakatulog nang husto.



***M**asipag si titser. Lagi siyang may dala-dalang bag na naglalaman ng mga aklat, *lesson plan book* at iba pang kagamitan.*



Mabait din si titser sa amin. Matiyaga siyang magturo“Carlo, unahing gawin ang takdang- aralin bago maglaro,” ang palaging sinasabi ni titser sa akin.



“Matulog nang maaga upang maagang gumising.” “Huwag kukunin ang bagay na hindi sa iyo.”



“Kumain ng masusustansyang pagkain upang hindi maging sakitin."



“Sabi sa patalastas, bawal ang magnakaw.” Ito ay ilan lamang sa kanyang mga tagubilin at paalala. Kung minsan, dahil paulit- ulit ay nakasasawa at parang nakababagot na.



May isang bag si titser na ayaw niyang ipabitbit sa amin at lagi niyang bilin na huwag naming pakikialaman.



“Halika sundan natin si titser.” “Ano kaya ang gagawin ni titser sa kantina at dala pa ang bag niya?,” aya ko kay Basilio, ang aking kaklase.



Sinilip namin ang ginagawa ni titser. Naglalagay siya ng pagkain sa lalagyan mula sa kanyang bag.



Kumuha rin siya ng kanin, biskwit at gatas. Pagkatapos ay kinausap niya ang nagbabantay sa kantina.



Inisip naming si titser pala ay kumukuha ng pagkain sa kantina. “Ngunit bakit hindi siya nagbibigay ng bayad?”




"Nag-uuwi pala si titser ng pagkain." "Bakit ginagawa ni titser iyon?" "Gulay at biskwit lang hindi ba niya kayang bilhin?"





Isang araw, sinundan ko si titser. Dala-dala niya ang bag na puno ng pagkain. “Ah! siguro uuwi na si titser”. Ngunit hindi umuwi si titser.

Nagpunta siya sa isang kanto na malapit sa aming paaralan.




May maliit na bahay doon. May sumalubong sa kaniya na matandang babaeng nakangiti at parang kilalang- kilala na niya si titser.



Nakita kong iniabot ni titser ang bag ng pagkain sa matanda.




**Maya-maya pa ay may isang batang babae na kalbo, payat at maputla ang lumapit kay titser. "Maraming salamat po titser sa lahat ng tulong ninyo," ang sabi ng bata.**



**“Tumaas na po ang bilang ng aking pulang dugo at hindi na  nahihilo.”**
**“Hindi na rin po ako nagpupuyat.”**



"Kumakain na rin po ako ng masusustansyang pagkain at magaling na po ako sa aking sakit," dagdag pa ng batang maysakit.



“Kung hindi naagapan, malamang ay hindi po siya nakaligtas sa kanyang karamdaman dulot ng hindi sapat na nutrisyon.” “Salamat po sa masusustansyang pagkain at ganoon na rin po sa patuloy niyong pagtuturo ng mga leksyon sa kanya,” sabi ng nanay.




"Naku titser, ipaabot mo na rin po ang pasasalamat namin ng aking anak, sa nanay ninyong may-ari ng kantina," ang sabi pa ng nanay.



Nagulat ako sa aking mga narinig. Nanay ni titser ang may-ari ng kantina? Kaya pala ayaw niyang ipabitbit sa iba ang bag dahil pagkain ng maysakit ang laman nito. Gusto niyang siguraduhin na malinis ito.



Hiyang-hiya ako sa kamaliang aking nagawa. Nahusgahan ko kaagad ang aking titser. Tinutulungan niya pala ang batang maysakit. Patuloy niya pala itong tinuturuan habang hindi nakapapasok sa paaralan.




Kahanga-hanga pala ang aking titser dahil tumutulong siya nang walang hinihintay na kapalit.

**Kinabukasan, agad kong ibinalita sa aking kaklase ang aking natuklasan. Natutunan namin na ang paalala niyang huwag agad husgahan ang kapwa ay tama.**



Hindi ako mapakali kaya sinabi ko rin sa aking titser ang aking nararamdaman at natuklasan.



**Humingi ako ng tawad at nangakong tutulong din sa batang maysakit sa abot ng aking makakaya at sa tulong ng aking pamilya.**



Ngumiti si titser at hinaplos ang aking ulo. “Sabi ko na sa iyo, hindi mabuti ang mag-isip ng masama sa ating kapwa,” sabi ni titser.



"Opo titser, hindi na po ako manghuhusga sa aking kapwa at lagi na po ako susunod sa inyo," ang sagot ko kay titser.



Kinabukasan, maaga at masaya akong pumasok. Ako si Carlo, nangangako na tutulong sa mga taong maysakit, kagaya ng ginawa ni titser.



# Gabay na Tanong

1. Sinu-sino ang mga tauhan sa kwento?
2. Anu-ano ang laman ng bag ni Titser
3. Bakit ayaw ipahawak ni Titser sa iba ang kanyang bag.
4. Kanino ibinigay ni Titser ang laman ng kanyang bag?
5. Kung ikaw si Carlo, tutulungan mo rin ba ng bata? Bakit?

# Pag-alis ng Balakid

1. patalastas- pabatid
2. paalala-pagbibigay ng impormasyon
3. nakababagot-nakakainip
4. nahusgahan-naparatangan
5. natuklasan-nalaman
6. ipinabitbit-ipinahawak

**PAG-UUGNAY SA KURIKULUM NG IKALAWANG BAITANG**
**Ang Kuwentong ito ay Nakapaloob sa Kurikulum ng Ikalawang Baitang**
**FILIPINO 2**

| Nilalaman (Content) | Pamantayang Pang-nilalaman (Content Standard) | Pamantayang Pagkatuto (Learning Competencies) | Kaunayan sa Kuwento | Aral Na Makukuha |
|---|---|---|---|---|
| PAGMAMAHAL sa KAPWA | Nauunawaan ang kahalagaan ng pagkalinga sa kapwa. | Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwento batay sa tunay na pangyayari (F2PB-Id-3.1.1)<br>Nababasa ang usapan sa tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon (F2TA-0a-j-3)<br>Naisasalaysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod (F2AL-Ii-g-5.2) | Ipinakilala at ipinaliwanag sa kuwento na ang pagmamalasakit sa kapwa ay hindi dapat naghihintay ng kapalit. | Sa pamamagitan ng kuwento, matututunan ng batana hindi mabuti ang manghusga sa kapwa. Itinuturo din sa kuwento na ang pagtulong sa kapwa ay walang hinihintay na kapalit gaya ng ginawa ng guro sa kuwento. Ang pagsunod sa payo ng guro at mga nakatatanda ay mahalaga. |

## PAG-UUGNAY SA KURIKULUM NG IKALAWANG BAITANG EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

| Nilalaman (Content) | Pamantayang Pang-nilalaman (Content Standard) | Pamantayang Pagkatuto (Learning Competencies) | Kaunayan sa Kuwento | Aral Na Makukuha |
|---|---|---|---|---|
| P A G M A M A L A S A K I T sa K A P W A | Naipapamalas Ang pang unawa sa kahalagahan ng pagiging sensitibo sa damdamin at pangangailangan ng iba, pagiging magalang Sa kilos at pananalita at pagmamalasakit sa kapwa. | Nagagamit ang mga magagalang na pananalita sa kapwa bata at nakatatanda **(EsP2P-IId-8)** Nakagagawa ng mabuti sa kapwa **(EsP2P-IIe-10)** Nakapaglalahad na mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa. **(EsP2P-IIf-11)** Nakatutukoy ng mga kilos at gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan. **(EsP2P-IIg-12)** | Ipinakikita sa kuwento ang pagmamalasakit sa kapwa nang walang hinihintay na kapalit. | Sa pamamagitan ng kuwento, mauunawaan ng mga bata na ang pagtulong sa kapwa ay walang hinihintay na kapalit na halaga gayundin ang pag-iisip ng masama sa kapwa ay walang maidudulot na mabuti. |

PAG-UUGNAY SA KURIKULUM NG IKALAWANG BAITANG
Ang Kuwentong ito ay Nakapaloob sa Kurikulum ng Ikalawang Baitang
FILIPINO 2

# GINTONG-ARAL


1. Ang pagtulong sa kapwa ng walang hinihintay na kapalit ay mahalaga.
2. Ang pag-iisip ng masama sa kapwa ay walang maidudulot na mabuti.
3. Ang pagsunod sa payo ng guro at mga nakatatanda ay dapat na isagawa.
4. Ang guro, kahit na anong kalagayan o katayuan sa buhay ay palaging mayroong malasakit at totoong pagmamahal para sa mga batang mag-aaral.





Ang May Akda

Si Gng. GINA LYNNE P. TALLOD ay ipinanganak noong ika-19 ng Marso 1976 sa Buenavista Santiago City, Isabela. Siya ay nagtapos ng Bachelor in Elementary Education sa La Salette College, Santiago City. Sa kasalukuyan siya ay isang Teacher III at nagtuturo sa ikalawang baitang sa Mababang Paaralan ng Dubinan, Schools Division of Santiago City, Region 02.




# Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2017 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Tallod, Gina Lynne P., *Ang Bag ni Titser*. DepEd-BLR, 2018.

**DEVELOPMENT TEAM**

Writer: Gina Lynne P. Tallod
Illustrator: Edgardo T. Andres, Sarah Jane Sanclaria
Editor : Cheryl R. Ramiro,Ph.D
Layout Artist: Elizabeth P. Dela Cruz, Rommel _____________
Book Designer : Ryan Michael A. Alba

Learning Resource Manager: Cheryl R. Ramiro,Ph.D. ( Division)
Octavio L. Cabasag, Ph.D ( CLMD Region )

Schools Division of Santiago City
Region 02